Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-03 NG AGOSTO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG.** 59-2020

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGMAMANDATO NG PAGKAKALOOB NG BURIAL ASSISTANCE SA LAHAT NG PUMANAW NA KASALUKUYAN AT DATING PUNONG LUNGSOD, PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KAGAWAD NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD, PUNONG BARANGAY AT KAGAWAD NG BARANGAY SA LUNGSOD NG MALOLOS, GAYUNDIN ANG MGA BETERANO NG IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG, PAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO, PAGBUO NG LUPON SA PAGKAKALOOB NG NECROLOGICAL SERVICE AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN.**

AKDA NI: **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**

**TALA NG PALIWANAG**

**SAPAGKAT,** alinsunod sa minamandato ng ika-16 na Seksyon ng Republic Act No. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ang pagsusulong ng mga programa at proyektong nagsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** kinikilala ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang mahalagang ginampanan at paglilingkod madla ng mga dating opisyal nito sa ikauunlad ng Lungsod, gayundin ang mga programa at proyekto nitong isinakatuparan para sa kabutihan ng higit na nakararami;

**SAPAGKAT,** ini-alay ng mga dating lingkod bayan ang kanilang buhay, oras, panahon at kalakasan sa pagsisilbi sa bayan at sa kani-kanilang nasasakupan;

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ayuda o tulong pinansiyal para sa kanilang mga naiwang pamilya ay malaking tulong upang mabigyan ng disente at angkop na paghihimlay sa huling hantungan;

**SAPAGKAT,** ang mga magigiting na Beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagsakripisyo sa kanilang paglaban sa mga mananakop na Hapon upang makamit ang kalayaan ng bansa laban sa mapang-aliping kamay ng mga dayuhan;

**KUNG KAYA'T PINAGTIBAY** ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos matapos ang masusing pag-aaral, sa mungkahi ni IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA ang mga sumusunod:

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SEKSYON 1. – TITULO** – Ang Kautusang Panlungsod na ito ay kikilalanin bilang **'BURIAL ASSISTANCE TO INCUMBENT AND FORMER PUBLIC OFFICIALS AND VETERANS OF THE WORD WAR II IN THE CITY OF MALOLOS'.**

**SEKSYON 2. – SAKOP** – Sakop ng Kautusang Panlungsod na ito, ang lahat ng pumanaw na nanilbihan o nanungkulan o kasalukuyang nanunuparan o incumbent bilang Punong bayan/Punong Lungsod, Pangalawang Punong Bayan/Pangalawang Punong Lungsod, Kagawad ng Sangguniang Pambayan/Panlungsod ng Malolos, Punong Barangay, Kagawad ng Barangay at mga Beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Lungsod ng Malolos.

**SEKSYON 3. – TADHANAIN** – Minamandato ang pagkakaloob ng mga sumusunod sa pamilya ng sinumang nabanggit sa Seksyon 2 ng Kautusang Panlungsod na ito ng mga sumusunod:

a. Bandera ng Republika ng Pilipinas na siyang ipapatong sa kabaong ng yumao;
b. Bandera na may "Logo" ng Lungsod ng Malolos;
c. Kapasyahang Panlungsod na nagpapaabot ng maringal at marubdob na pakikiramay ng Pamahalaang Panlungsod sa mga naulila;
d. Burial Assistance:

| | | | |
|---|---|---|---|
| i. | Dati at Kasalukuyan (Incumbent) Punong Lungsod | – | Php200,000.00 |
| ii. | Dati at Kasalukuyan (Incumbent) Pangalawang Punong Lungsod | – | Php150,000.00 |
| iii. | Dati at Kasalukuyan (Incumbent) Kagawad ng Sangguniang Panlungsod | – | Php100,000.00 |
| iv. | Beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig | – | Php 50,000.00 |
| v. | Dati at Kasalukuyan (Incumbent) Punong Barangay | – | Php 30,000.00 |
| vi. | Dati at Kasalukuyan(Incumbent) Kagawad ng Barangay | – | Php 10,000.00 |

e. Bulaklak;
f. Isang (1) Cavan ng Bigas

Para sa may dalawa o higit pang katungkulang hinahawakan o posisyong naihalal ay ang pinakamataas na posisyon ang magiging basehan ng tulong pinansiyal;

**SEKSYON 4. – PAGSASAGAWA NG NECROLOGICAL SERVICES** – Sa ikalawang araw ng pagkakahimlay/burol ay minamandato ang pagsasagawa ng isang Necrological Service sa pangunguna ng Tanggapan ng Punong Lungsod kasama ang Tanggapan ng Tagapangasiwang Panlungsod, DILG Malolos, Tanggapan ng Pangalawang Punong Lungsod at ang Tanggapan ng Sangguniang Panlungsod sa pakikipag-ugnayan sa Veterans Federation of the Philippines (VFP) para sa mga beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig;

**SEKSYON 5. – PAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO** – Naglalaan ang Kautusang Panlungsod na ito ng kabuuang halagang Php1,000.000.00 para sa pagpapatupad nito.

**SEKSYON 6. – PAGHIHIWALAY NG SUGNAY** – Anumang bahagi ng Kautusang Panlungsod na ito ang madeklarang labag sa Saligang Batas o sa alinmang batas, kautusan o dikreto ay pinawawalang-bisa maliban lamang sa mga probisyong hindi apektado nito ay mananatiling may bisa ng isang batas.

**SEKSYON 7. – KABISAAN** – Ang probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito ay magkakabisa sa loob ng labing limang (15) araw matapos na ito ay pagtibayin.

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LOIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kautusang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:

Aug. 13, 2020
Petsa ng Pagtitibay:

INH. GILBERT T. GATCHALIAN
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08042020